**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
******************************************************************************************************

# KUNG PAANONG NILILIKHA ANG ISANG BANTAYOG

ni: **ADRIAN BIAG BULALACAO**

Anong katangian ang siyang maglalarawan,
Sa isang bantayog na puno ng kadakilaan,
Ng isang sagisag na siyang magbubunyi sa sinilangan hanggang kamatayan,
Na may sinag na abot langit, kinang ng bituin at sinag ng araw na di magdidilim.

Nalikha ito sa ginupit ng mga matatalas na isip at bisig ng matapang na lahi
Sinulsi ng pagsasanduguan ng mga karaniwan at mga bayani,
Kasaysayan ang may saksi, sa bawat bughaw at pulang danas na tiniis at tinagpi
Itinahi kabuhol ng puso't kaluluwa sa bawat pilipinong salinlahi.

Taglay nito ang tatsulok, ang samahang Kalayaan,
Ang iisang kinang ng tatlong bituin tungo sa Kaunlaran,
Ng himagsikang pinangunahan ng mga sinag ng araw,
alsa at udyok ang taglay sa mga hindi pangkaraniwang laban.

Nagsilbi itong *balaraw* ng pagkakaisa at pakikipaglaban
sa mga halimaw at sa *Bakunawa* ng nakaraan at kasalukuyan,
na tila tunog ng *kudyapi* sa puso ng isang *sarimanok* na buhay sa ating mga diwa at isipan,
isang awiting *kundiman* na di magmamaliw, di mawawala sa puso ninuman.

Iwinawagayway ito sa *Sagayan*, baluti ng isang *mingao*,
Taglay ay Dugo ng isang *Handiong*, ng isang *Bantugan* o ng isang *Lam-Ang*,
Tatas ng isang *baybayin* at *aliw-iw* ng isang *tanaga*,
Walang makakaagaw sa bisa ng isang bantayog na yari sa pagkadakila.

Mapunit man ito sa mga salanta, mapatid man ng mga sigalot at sakuna,
Mabutas man ng mga banta at ng kamandag ng pandemya at maling gamit ng teknolohiya,
Nakaraan man o kasalukuyan, di mabubuwag ang taglay nitong paninindigan.
Di mabubusalan ng *facemasks, fake news at false hopes* ang bayan.

******************************************************************************************************

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
******************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Dahil nilikha ito ng isang paham, katutubo, guro, inhenyero, doktor, siyentipiko o arkitekto,
manunulat, mangingisda, pari, kargador, artista, mag-aaral barbero o isang pinuno,
*transgender, driver,* ina, *senior citizen*, may kapansanan, magsasaka o abogado,
hawak ang bantayog, lahat mahalaga, sabay-sabay, hakbang-hakbang, buong-buo,
sulong-sulong, madadapa at muling babangon, kasama si *Bathala* hindi magpapagapi at hindi
magpapatalo.

Sapagkat walang makakadaig sa isang likha ng nagkakaisang bisig,
ng isang nagkakaisang Pilipinas, ng isang nagkakaisang tinig,
Puwersang abot langit, kinang ng bituin at sinag ng araw na di mayayanig,
Mananatiling nakatanaw sa kinabukasang kaluwalhatiang siksik-liglig.
Sapagkat ganito nililikha ang bantayog na hindi natutumba at laging nagwawagi.

Mga kahulugan:

***(1)ba·la·ráw****- matulis na patalim na magkabilaan ang talim* **:** *BARÁW$^{\beta}$, PÚNTADIYAMÁNTE, PUNYÁL Cf BA YÓNETA, DÁGA, KRIS, ITÁK mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(2)ba·ku·ná·wa-*** *dambuhalang ahas na pinanini-walaang kumakain ng buwan o araw kapag may eklipse o lahò, eklípse, lahò[1] mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(3)kud·ya·pî -*** *instrumentong de-kuwerdas, gawâ sa kahoy na hugis bangkâ at may dalawang bagting* **:** *binálig, binudyáan, faglóng, hagalúng, kuri téng, kuryápi, kutyapi, piyápi, segaróng var koryápi Cf lira mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan — **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco — **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

*(4) Ang **sarimanok** /sá·ri·ma·nók/ (sa Maranao "artipisyal na ibon") ay isang maalamat na ibon ng mga Maranao ng katimugang Pilipinas. Ito rin ay isang makulay na okir na karaniwan ay gawa sa tanso, sa anyo ng isang nakatayong ibon, na malamang ay isang susulbot[1] na may nakasabit na isda sa tuka nito. Kinakatawan din ng sarimanok ang mayamang sining ng mga Maranao at ito'y sumisimbolo rin ng kasaganahan. Mula sa Kintanar, Thelma B. Cultural Dictionary for Filipinos. Second ed. Quezon City: UP, Kalayaan College and Anvil, 2009. (sa Ingles) Guinto, Amado C. "Distillation of Bantugan: A Maranao Epic." Naka-arkibo 2012-10-18 sa Wayback Machine. Hinango Enero 16, 2012. (sa Ingles)*

*(5) **kun·dí·man -** tradisyonal at malamyos na awit, karaniwang tungkol sa pag-ibig, at nagsimulang maging popular noong ika-19 siglo **:** badéng mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

*(6) **sa·gá·yan-** [Mag] sayaw ng pakikidigma, [Mrw] sayaw ng tagumpay laban sa pananakop. mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

*(7) Mingao -The Kalingas also have a celebratory dance called a takiling, which is performed after a successful headhunting expedition. The crowned heroes of such missions were called "Mingaos." Mula sa https://fmapulse.com/fma-corner/fma-corner-filipino-war-dances/*

*(8) **Handiong (han·dyóng) -** bayani ng Ibalon at pumutol sa pananalanta ng mga ilahas na hayop. mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

*(9) Bantungan ay ang magiting at matapang na madirigma at prinsipe mula sa isang epiko at*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

*kuwentong bayan ng Darangan ng mga Maranao. Mula sa https://www.panitikan.com.ph/sino-si-prinsipe-bantugan-ano-ang-kanyang-katangian*

***(10)*** ***Lam-áng*** *png |Mit |[ Ilk ] - bayani sa epikong Biag ni Lam-ang, na muling nabúhay matapos kainin ng berkakan. mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(11)*** *bay·bá·yin - png |[ baybay+in ]baybáy*[1]*, Lgw tawag sa sinaunang alpabeto ng mga Filipino. Lgw kabuuan ng lahat ng titik ng isang wika. mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(12)*** ***a·liw-íw-****png |[ Pan Tag ] mahinàng tunog ng dumadaloy na tubig* **:** *AGUY-ÓY*[3]*, BORÓ-BORÔ, HAGÁNAS, KANÁAS, ÓNGOR, SAGÁHAY mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(13)*** ***ta·na·gà-*** *png |Lit sinaunang anyo ng maikling tulang Tagalog, binubuo ng apat na taludtod na tugmaan, may sukat na pitóng pantig ang bawat taludtod, at nagpapahayag ng isang buong diwa.mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

***(14)*** *Face Masks - Ayon sa U.S. Food and Drug Administration, ang face mask ay epektibong panangga mula sa mga talsik at ano mang tinatawag na large-particle droplets mula sa www.smartparenting.com.ph*

***(15)*** *Ang* ***fake news*** *ay uri ng balita na binubuo ng sinasadyang disimpormasyon o panlilinlang na kinakalat sa pamamagitan ng tradisyonal na midyang pambalita (inilimbag at ibinrodkast) o sosyal midya online.*[3][4] *Wemple, Erik (8 December 2016), "Facebook's Sheryl Sandberg says people don't want 'hoax' news. Really?", The Washington Post, kinuha noong 11 December 2016*

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**(16)** *False hope - confident feelings about something that might not be true mula sa https://dictionary.cambridge.org/us/dictionary/english/false-hopes*

**(17)** *Transgender - **Transgender** people feel that the sex they were assigned at birth doesn't match their gender identity, or the gender that they feel they are inside mula sa https://www.plannedparenthood.org*

**(18)** *bat·ha·là - png 1:makapangyarihang nilaláng sang-ayon sa paniwala, karaniwang naghahari sa isang larangan o bahagi ng búhay : BAGÓL[4], DIBÍNO[3], DIYÓS, tao na dinadakila at sinasamba : DIYÓS mula sa https://diksiyonaryo.ph/*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto